

Anchorage, Ika - 29 ng Marso, 2022

Mga Pamilya ng ASD,

Ipinapadala ko ang aking ika -¹ ng Abril na update nang medyo maaga dahil sa mga mapanganib na kilos na nagaganap laban sa ating komunidad. Sa loob ng nakaraang linggo, nakaranas ang Anchorage School District ng dalawang insidente na kinasasangkutan ng mga gel-ball blasters sa o malapit sa mga bakuran ng paaralan. Naniniwala ang Distrito na ang mga kaganapang ito ay nauugnay sa kamakailang TikTok Orbeez Challenge, na naghikayat sa mga tao na barilin sa soft-gel, Orbeez balls ang mga mamamayan gamit ang gel-ball blaster o airsoft gun. (Maaari ninyong basahin ang higit pa tungkol sa Orbeez Challenge [dito](#)).

Sa madaling salita, ito ay lubhang mapanganib na pag-uugali sa publiko at sa mga may kasalanan, at ang Distrito ay naghahanap ng pakikipagtulungan ng mga magulang at komunidad upang wakasan ito. Mabuti na lang, wala pang ulat na natatanggap mula sa Distrito at Anchorage Police Department (APD) na may nasaktang pisikal, ngunit ang ilan sa mga mag-aaral at tagamasid ay nagsabi sa pulisya at [lokal na media](#) na sila ay binaril at tinamaan ng mga gel-ball pellets. Sa bawat kaganapan, agad na tumugon ang APD sa abiso upang tugunan at bawasan ang banta sa kaligtasan ng publiko. Ang mga indibidwal na nakikibahagi sa aktibidad na ito ay nasa malaking panganib dahil ang mga tumutugon na opisyal ay maaaring kilalanin ito na isang nakamamatay na banta.

Ang kaligtasan ay nananatiling pangunahing priyoridad at ang Distrito ay patuloy na nakikipagtulungan sa ating mga School Resource Officer (SRO) habang nagpapatuloy ang imbestigasyon ng pulisya. Dapat tiyakin ng mga magulang na ang kanilang mga mag-aaral ay hindi magdadala ng anumang armas – totoo, hindi nakamamatay o peke – sa mga bakuran ng paaralan o sa mga bus. Plano ng APD na magkaroon ng mas maraming pulis sa at sa paligid ng ating mga paaralan sa panahong ito hanggang sa malutas ang usaping ito. Walang mga pag-aresto na ginawa. Kung mayroon kayung anumang impormasyon na makatutulong sa mga pagsisiyasat, mangyaring tawagan ang Anchorage Police Department sa 311.

Lubos na gumagalang,

Deena Bishop
Superintendente

[Link to the English Version](#)